

**State of the Province Address of
HON. EMMYLOU J. TALIÑO-MENDOZA
Governor
Province of Cotabato**

Maraming salamat, magsiupo po tayong lahat.

Bishop Romulo dela Cruz, DD, Members of Congress, Vice Governor Gregorio Ipong, Board Members, Mayors, sa ating mga kasamahan sa gobyerno, mga panauhin, at sa lahat ng Cotabateño na pangunahing layon nitong ulat, magandang umaga po.

Napakabilis pong lumipas ng panahon, magtatatlong taon na simula nung nag-umpisa akong manungkulan bilang gobernadora ng lalawigan ito. Magtatatlong taon mula nung una kong pinakilala ang "SERBISYONG TOTOO" bilang isang sistema ng pamamahala na may moralidad at mga prinsipyo; isang pulitikal na adbokasiya na naka-angkla sa makatotohanang paninilbihan, katapatan sa taong bayan, at katarungang panlipunan.

Hayaan ninyo akong magkwento bilang panimula. Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na ako po'y galing Carmen. Nagkaisip na nakikita, naririnig at nararamdaman ang tunay na realidad ng sosyedad sa ating lalawigan. Dekada sitenta, musmos pa lamang ako, pero alam ko na ang ibig sabihin ng giyera. Alam ko nang may mga labanang nangyayari sa aking kapaligiran. Dekada ochenta nung simula kong mawari na may namamatay dahil sa kawalan ng kakayahang maipagamot ng kanilang mga mahal sa buhay. Ito din ang dekada na namulat ako na may nakawan din palang nangyayari sa gobyerno.

Mula kabataan hangang sa aking kolehiyo, Dahil sa realidad at sitwasyon. Nabuo ang isang pangarap, na balang araw, sana magiging maayos, at mapayapa ang lalawigan. Sana, maging malinis at matuwid ang pamamahala, magagamot ang may karamdaman, sana tumaas ang antas ng pamumuhay ng ating mga kababayan. Ang pangarap kong ito ay mas pinalakas pa nung nagging mayor ang tatay ko. Naging inspirasyon ko siya

nung makita kong umunlad, bumubuti ang pamumuhay ng mga tao at bumabalik ang katahimikan sa aming bayan. Dekada 90, nang sinimulan kong tahakin ang landas ng isang makabagong pulitiko. Para sa isang matuwid na pamamahala. Iyan po, mga Cotabateno ang tinatawag natin ngayong...“SERBISYONG TOTOO”!

Bilang pagbabalik-tanaw, napakasariwa pa sa aking isipan ang ika-isandaang araw ko sa panunungkulan. Importanteng sinabi ko sa inyo ang walong napakakahalagang mga bagay na prayoridad sa loob ng susunod na tatlong taong pamamahala bilang gobernadora. Wawalo lamang po ito, subalit higit sa isang-daan ang bulto ng mga balakid na kinaharap natin, maipatupad lamang ang mga binitawan kong pangako sa inyo, tatlong taon na ang nakararaan.

Mga kaibigan, hayaan niyo akong ilarawan sa inyo ang sitwasyon na aking nadatnan nung pumalit akong Gobernador ng lalawigan. Napakaraming mga problema ang naengkwentro natin nang simulan nating ilatag ang ating mga plano para sa matuwid na paninilbihan at kaunlaran. Hindi tayo natinag ng anumang hadlang. Sadyang napakatatag at napakatindi ng hangarin natin na maitayong muli ang Cotabato. Nabanggit ko na noon na ang tatlong-taong termino sa panunungkulan ay sadyang napakaikli upang magampanan ang napakahirap na responsibilidad para pangunahan ang isang lalawigan tungo sa mabuting kinabukasan. Nagawa na natin ang unang hakbang, sa pamamagitan ng paggamit ng strategies upang maisakatuparan ang tunay na paninilbihan sa pamamagitan ng pag-iimplementa ng mga proyektong tumutugon sa pangangailangan ng ating mga kababayan.

Balikan po natin ang walong pangakong binitawan nung ika-sandaang araw ko sa panunungkulan at ang estado nito ngayong magtatapos na ang aking termino. Malaya kayong graduhan ako. Pagkatapos ng talumpating ito, malalaman ko po kung pasado ako.

Ikinagagalak kong ilahad sa inyo na walang napako sa walong pangako. Ito ang naging batayan ko sa adbokasiyang ibalik sa

listahan ng pinakamatatag na lalawigan ang Cotabato. Una, ipinangako kong rere-organisahan ang staffing structure. Nung tayo'y umupo nung 2010, may humigit-kumulang 819 non-plantilla positions. Nilimitahan natin iyan sa 673 hanggang ngayon. Naglagay tayo ng mga tao sa strategic position. Nirepaso natin ang mga kwalipikasyon at kakayahan ng mga manggagawa sa kapitolyo upang maging mas produktibo ang lahat sa araw-araw na pagtatrabaho.

Pangalawa, na magkakaroon ng agarang audit at imbentaryo ng pinansiyal na estado sa provincial capitol. Ito ay nag-ugat dahil nakita agad natin na ang pinansiyal na posisyon ng probinsiya ay hindi nailahad sa detalyadong report ng COA nung panahong isinagawa nila ang Financial Compliance Audit on the accounts and operations ending December 31, 2009. May mga hindi pagkakatugma ng mga detalye sa mga ulat. Natuklasan nating may pagkakaiba sa halaga ng mga propriedad, lupa at equipment kumpara sa ulat-imbentaryo ng General Services Office kung saan wala tayong mahagilap na tama o tumutugmang mga papeles. Wala pong updated report nung mga panahong iyon hinggil sa aktuwal na konsumo ng gasolina, langis at mga lubricants kaya apektado ang balanse ng items on stock. Dala narin siguro sa away pulitika ng nagdaang administrasyon, kaya kaakibat ng ating adbokasiya na isaayos ang mga sistema, pinag-aralan at inisa-isa natin ang mga pamamaran na gumagana dito sa kapitolyo. Tinugunan natin ang problemang ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mga palisiya, sistema at mekanismo upang may malinaw at maayos na daloy ng operasyong nabanggit. Sa kasalukuyang sistema, naiwasan ang anomalya sa paggamit ng ating mga supplies at resources. Nakakatipid tayo ng malaking halaga at nabayaran pa natin ang mga utang na napag-iwan sa atin, habang nakakapaghatid pa rin tayo ng parehong resulta sa implementasyon ng ating mga programa at proyekto.

Pangatlo, na bumuo ng Special Bodies, at ire-organisa at palakasin ang mga kasalukuyang komitiba o konseho. Halimbawa na lamang ang North Cotabato Emergency Reponse Team (NCERT) para sa panahon ng emergency, ang Provincial

Advisory Council na tumutulong sa ating pangangasiwa ng lalawigan, North Cotabato Tourism Council para sa mga usaping turismo, ang Gender Multi-sectoral Coordinating Council upang patuloy na mapangalagaan ang kapakanan ng mga kababaihan, ang Cotabato Council of Tribal Elders para sa kapatid nating mga lumad, at ang Cotabato Council for Muslim Affairs kung saan may inilagay na deputy governor na siyang naatasang maging tulay ng mga Moro sa Kapitolyo at mga programa nito. Atin din pong inorganisa ang Provincial Integrated Child and Youth Development Council na siyang nangangasiwa sa iba't ibang programang may kinalaman sa kabataan.

Ikaapat, ang pag-iinstitusyonalisa at sinkronisasyon ng mga programa at serbisyo ay tahasan ko ring ipinangako sa inyo. Idedetalye ko po sa inyo maya-maya lamang.

Ika-lima, ang pag-eestablisa ng mga kaalyado at networks upang mas mapalakas at mas mapabilis pa ang pag-unlad sa ating lalawigan. Hindi po tayo nabigo sa aspetong ito, katunayan daan-daang milyong piso ang halaga ng mga naipasok na programa at negosyo sa lalawigan dahil sa pakikipag-ugnayan natin sa mga funding agencies at malalaking negosyante.

Pang-anim, sinabi ko po sa inyong tayo ay maghahanap ng pondo, dagdag sa IRA. Halimbawa na lamang ang natanggap natin mula sa World Medical Relief Inc. na mga gamit-ospital at mga instrumentong medical na nagkakahalaga ng halos P111.778 milyong piso. Gumastos tayo nang P10.145 milyong piso, pambayad sa transportation ng 6 na 40 feet container vans mula Amerika hanggang Pilipina. Ibig sabihin nakapagpasok tayo ng mahigit P101 milyong piso na halaga ng mga supplies at equipment. Nakakatuwa, hindi po ba? Makabago at mas episyente na ang mga kagamitan sa walong government hospitals. May mga ultra-sound machines, ventilators, cardiac monitors, infant warmers, ICU mechanical, at hospital beds para sa nasabing walong ospital. Idagdag niyo pa diyan ang isang 1,000 (milli-ampere) na x-ray machine na ii-install sa Mlang District Hospital. May natanggap din tayong sampung Dialysis Machines na maari nang gamitin sa nalalapit na panahon. Nag-sponsor din ang WMR ng “Operation Tanggal Bukol” sa Dr.

Amado Diaz Foundation Provincial Hospital na nakapagserbisyo sa 99 na pasyente

Nagsagawa din po tayo ng Operation Smile sa Mlang District Hospital kasama ang Jerome Foundation kung saan mahigit 50 may cleft pallet ang nasuri at 27 naman sa mga ito ang naoperahan. Mayroon din tayong isinagawang Surgical Mission Operation sa pakikipagtulungan naman ng Maharlika Foundation sa bayan ng Carmen. Sa kabuuang 1,853 indibidwal na sumailalim sa pagsusuri, 472 ang naoperahan at 577 naman ang nabunutan ng ngipin. Nariyan din ang Banaglaum Foundation na nagsagawa ng Psychological-Medical Mission na mayroong 74 na benepisyaryo.

Nandiyan din ang Growth with Equity in Mindanao 3 (GEM-3) Program ng USAID at Mindanao Development Authority. Simula 2010, ang GEM ay nakapagpagawa sa lalawigan natin ng 33 proyekto gaya ng Barangay Bridges, Road Upgrading, Trading Centers, Solar Dryers, Footbridges, Water Systems, at Irrigation rehabilitation. Sa ilalim ng kanilang Barangay Infrastructure Projects, umabot ng halos P19 milyong piso ang kanilang interbensiyon.

Halimbawa na lamang ang 11-kilometer Midsayap-Datu Piang-Makar Road na nagkakahalaga ng P126 milyong piso at ang 7.3-kilometer Ladtingan-Silik Road upgrading na nagkakahalaga ng P19 milyong piso. 25% ay lokal na counterpart ng ating lalawigan.

Ang mga proyektong pagpapaayos, o paggawa ng mga kalsada ay sadyang napakalaki ng epekto sa ating ekonomiya. Minsan, sa isang pagtitipong dinaluhan ko, matapos ang aking talumpati, may narinig po ako. Ang sabi ng isa, “Damo sing proyekto, pero amo man lang gihapon presyo kag kita naton”. Napangiti lamang ako, dahil alam ko na hindi man direkta at agad2x na nakikita sa “Peso Value” ang benepisyo ng mga proyektong imprastruktura, naita-translate naman ito sa ibang pamamaraan. Hayaan niyong magpaliwanag ako kung paano tayo nakakabenepisyo sa mga proyektong kalsada at mga farm to market roads: Una, naiuugnay ang ating probinsiya sa iba pang mga lalawigan, susi

upang magkaroon ng mas aktibong negosyo at ikot ng pera. Ikalawa, maaring mas bumaba po ang pamasahe ng mga produkto dahil mas maliit na ang konsumo sa gasolina ng mga habal-habal o skylab. Pangatlo, magiging mabilis ang biyahe ng mga produkto mula sakahan hangang palengke, presko pang aabot ang gulay sa mga pamilihan, kaya bibilhin pa sa tamang presyo. Malawak ang paksaing ekonomiya, pero pinagsisikapan ng ating pamamahala na maging simple at maramdaman ng taong bayan sa pamamagitan ng mga programa at proyekto.

Kung kayo'y bumibyahe mula Davao hangang Cotabato City, mapapansin ninyong malaki-laki na rin ang natatapos na bahagi ng pagsasaayos ng kalsada. Ang proyektong ito ay nagkakahalaga ng P2 bilyong piso. Noon lamang Enero ng taong ito, tinatayang nasa 76% na ang natatapos sa Digos-Cotabato Road, 83% Kidapawan-Pagalungan Road, at 67% naman na tapos ang Pagalungan-Cotabato Road. Para maging maayos, de-kalidad at maprotektahan ang interes natin sa pagpapatupad ng proyektong ito, bumuo tayo ng monitoring team (PPMAG) kasama ang NEDA, MINDA, DPWH at inatasang i-monitor ang bawat yugto ng implementasyon ng proyekto.

Naging partner din natin ang Presidential Task Force for the Development of Master Plan for Mindanao River Basin. Bunsod nito, naipagawa at naipaayos ang mga tulay na kumukonekta sa Cotabato at Maguindanao. Pinaigting nito ang komersyo ng dalawang lalawigan. Naglalayon din ang Malitubog-Maridagao Irrigation Project na maiangat ang produksiyon, maitaas ang kita ng bawat pamamahay, mapalawig pa ang access natin sa mga pangunahing serbisyo, at mapaniguro ang kasagutan sa pangangailangan sa pagkain ng buong lalawigan. Bukod sa ipinagawang Nalapaan Stream Check Dam na nagkakahalaga ng P100 milyong piso, may mga on-going projects pa na nagkakahalaga ng P200 milyong piso. Idagdag niyo pa diyan ang nakalaang P305 milyong piso na inilaan para sa Maridagao river. Upang masiguro na de-kalidad at maayos ang implementasyon ng mga proyekto dito, itinatag natin ang Implementation and Monitoring Group for Malitubog-Maridagao (IMAG for MalMar).

Recipient din tayo ng Early Recovery and Rehabilitation for Central Mindanao (ERRCM) project na pinondohan ng European Union. Sa pamamagitan ng Mindanao Development Authority (MINDA), P35.5 milyon pisong halaga ng mga proyekto ang inilaan para sa resettlement and recovery ng mga naapektuhan ng armed conflict sa ilang mga Barangay ng mga munisipyo ng Aleosan, Midsayap, Tulunan at Pikit.

Partner-beneficiary din tayo ng PAMANA (PAyapa at MASaganang PamayaNAn). Isang proyekto mula sa Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP). Ang kabuuang halaga ng mga proyektong naimplementa ay umaabot sa P169.3 milyong piso. Ang PAMANA ay kinapapalooban ng mga livelihood programs at suportang imprastruktura tulad ng Fish processing plant, multi-purpose buildings, solar dryers, water system at farm-to-market roads sa ilang mga Barangay.

Isa pang partner natin sa imprastruktura ay ang SOCKSARGEN. Ito ay kaakibat ng patuloy na suporta mula sa Department of Agriculture sa ilalim ng Food Security Program. Sa apat (4) na proyekto pa lamang ay nakapag-implementa sila ng kabuuang P42.6 milyong piso, lalo na sa Kapayawi-Kitubod-Malitubog Road Section.

Ang World Food Program ay nag-donate ng mahigit P212 milyong piso sa lalawigan na siya namang ginamit natin para sa programang food for work, food for trainings, at para sa mga on-site school feeding programs. Ang “On-Site School Feeding Program” ay ipinapatupad para matugunan ang problema ng malnutrisyon ng ating ibang mga mag-aaral.

Patuloy ang partnership natin sa KALAHI-CIDSS ay nagbunga ng higit P273 milyong piso. Ang pondo na ito ay ginamit sa pagpapagawa ng 218 iba’t-ibang mga proyekto kabilang na ang mga silid-aralan, water system, post harvest facilities, health stations, flood control, mga kalsada at iba pang mga social infrastructure projects.

Sa partnership natin sa Trade Union Congress of the Philippines Partylist, nakapagpamigay sila ng 75 na units ng multicab na nagkakahalaga ng P14 Million. Magagamit ang mga sasakyang

ito sa panahon ng emergency, kahit buhay ay maaaring masagip dahil dito. Medical assistance na P5 million para sa mga kababayan nating mahihirap na na-ospital sa Davao Medical Center at sa Cotabato Regional Medical Center. Nakapagpagawa din sila ng mga covered courts at multi purpose buildings na umaabot sa P81.3 Million at pagsasaayos ng kalsada na nagkakahalaga ng P15 Million. Ang TUCP ay may kabuuang halaga na P117.3 milyong pisong naipasok na proyekto kasali na ang mga nakahain pang proyekto para sa 2013.

Malaking bagay din ang nagawa ng AGHAM Partylist na may kabuuang P20 milyong pisong naipasok na proyekto. Nakapagpatupad sila ng dalawang (P2M) milyong pisong proyekto kabilang ang banana plant tissue culture program, livestock, multicabs para sa DepEd, motorsiklo sa PNP, at iba pang pasilidad. May P400 thousand ding mga proyektong pangkabuhayan sa 40 barangays ng Kidapawan

Nakapagbigay din sa kapitolyo ng P25.1 milyong piso para sa scholarship assistance ang Opisina ng Ikalawang Congressional District.

May pakikipagtulungan din tayo sa Action Contra Famine (ACF). Pangunahing layon nila ay mahinto na ang pandaigdigang gutom. Kabilang sa mga mahahalagang bagay na nagawa ay ang pagsugpo ng malnutrisyon, pagkakaroon ng ligtas na patubig at malinis na kapaligiran at maging ang pagsasagawa ng mga aktibidad na may malaking tulong sa Mabuting Pamamahala. Ang ACF ay may humigit-kumulang P18 milyon pisong halaga ng ibat-ibang proyekto na nagawa at patuloy na iniimplementa sa ating lalawigan.

Nariyan din ang Noble Endeavors na tumutulong sa mga IPs upang tulungan silang magkaroon ng maayos na kabuhayan, patubig, sapat na edukasyon, at malusog na pangagatawan.

Nakapag-implemanta din tayo ng mga proyekto sa ilalim ng Mindanao Rural Development Project (MRDP) na may kabuuang mahigit P470 milyon pisong halaga ng mga proyektong pang-imprastruktura kabilang dito ang mga farm to market roads, solar driers, water systems, at communal irrigation systems at

livelihood projects. Halos P60 Million ang counterpart fund at tulong technical na lalawigan.

Ika-pito, na magkakaroon ng turn-over ng ating Provincial Jail sa BJMP. Nagawa na natin ito at nakapagpatayo pa tayo P6.2 milyong piso na North Cotabato District Jail Annex noong Agosto 2012. Sa ngayon, meron na tayong hiwalay na mga selda para Children in Conflict with Law, para sa mga kababaihan, mga matatanda at may karamdaman. Dahil dito, lumuwang at naging mas komportable ang ating mga selda.

Pangwalo, ang pagkakaroon ng pangatlong Kongresyonal na Distrito sa probinsiya. Alinsunod sa House of Representatives R.A. #10177, magiging tatlo na ang boses natin sa mababang kapulungan. Madadagdagan ang representasyon sa pagpapanday ng mga batas pati rin ang congressional allocations sa ating lalawigan. Nangangahulugang madadagdagan ang mga programa at proyekto.

Wala pong saysay ang mga salita kung walang manipestasyon sa komunidad at hindi nararamdaman sa ilalim ng bubong ng bawat tahanan. Walang kasinungalingan. Patunay lang na buhay at gumagana ang SERBISYONG TOTOO!

Nabanggit ko na rin sa inyo na ang ating administrasyon ay naninilbihan sa ilalim ng limang Focal Areas of Governance. Hayaan niyo akong himayin at sabihin ang mga kritikal nating nagawa sa loob ng tatlong taong panunungkulan.

Sa aspeto ng pamamahalang administratibo, ilalahad ko po sa inyo ang ating pinansyal na estado at naging takbo ng pamamahala mula sa taong 2010 hangang 2012. Sa taong 2010, ang sector ng ekonomiya ang may pinakamalaking alokasyon; sa taong 2011, nanguna sa alokasyon at gastusin ang mga programa sa ilalim ng General Public Service; Nung 2012, nanguna sa alokasyon at gastusin ang serbisyong panlipunan (social services).

Dahil sa maayos na paggamit at pamamahala ng ating pera, nakapagtipid po tayo ng umaabot sa mahigit P124 milyong piso P113 Milyon ay mula sa General Fund at P11.690 Milyon ay mula

sa SEF. Isa sa mga pinakamahalagang nagawa sa ilalim ng pamamahaling administratibo ay ang maayos na pagpapatupad at paggamit ng pondong pinansyal kabilang na ang pagpapaigting ng koleksyon sa buwis. Katunayan, nakapagtala tayo ng tatlumpu't-limang porsyentong (35%) pagtaas sa koleksiyon ng buwis na nagkakahalaga humigit kumulang apat (4) na bilyong piso sa mga *taxable properties* para sa taong 2012. Ito po ay resulta ng General Revision of Assessment and Property Classification na isinagawa.

Upang masigurong maayos ang koleksyon sa buwis, inilabas natin ang Executive Order No. 3, o Promulgating the Disclosure System to Effect a Stringent Regulation On Sand and Gravel and Other Quarry Resources. Dahil dito, tumaas ang koleksiyon at nadagdagan ang iba't ibang proyekto sa mga Barangay.

Nakita nating marami na rin tayong mga kagamitan at sasakyang nakatambak at wala nang gamit. Bago pa man tuluyang mabulok at hindi na mapakinabangan, nagsagawa tayo ng Subasta at Kumita nang mahigit sa tatlong (P3M) milyong piso.

Para mas mapabuti ang serbisyo sibil ng kapitolyo, nagsagawa tayo ng capability building at mga pagsasanay upang mapagtibay pa ang mga kaalaman at kakayahan ng ating mga empleyado. Nagbigay din tayo ng insentibo para sa mga Outstanding Offices base sa resulta ng isinasagawang Employees Performance Evaluation sa bisa ng Administrative Ordinance No. 02 series of 2011 kung saan ang mga empleyado ay binibigyan ng grado ayon sa kanilang performance.

Upang makapaglingkod ang ating mga empleyado ng mabilis at masigurong nakakarating sa ating mga mamamayan ang serbisyong naayon sa kanila, tayo ay namili ng mga bagong sasakyan gaya ng mga motorsiklo at four-wheeled vehicles na nagkakahalaga ng P42 milyong piso.

Sa kagustuhan po nating kilalanin at parangalan ang mga masisikap at bukod-tanging mga Cotabateño nagsagawa tayo ng Gawad Dangal ng Cotabato kung saan sa unang taon pa lamang nito ay labing-isang indibidwal ang naparangalan sa iba't-ibang larangan tulad ng academic excellence, sports and athletics,

research and development and culture and arts, in high school, college and professional levels.

Mga mahal kong Cotabateño, sa nakaraang tatlong taon ng aking panunungkulan, nasaksihan ko ang ibat'-ibang kalamidad na dumating sa ating lalawigan. Ang masaklap pa dito, mayroon tayong mga kababayang nawalan ng tirahan dahil sa mga kalamidad. Upang masiguro ang ating aksiyon sa panahong tulad nito, inamyendahan po natin ang Provincial Disaster Risk Reduction and Management Code. Bumuo din tayo ng grupo mula sa iba't-ibang opisina ng probinsiya upang agarang rumesponde sa panahon ng kalamidad.

Inamyendahan din ang Revenue Code of Cotabato alinsunod sa limang taong mandatory review ng local revenue measures sa bisa ng Provincial Ordinance No. 514. Ipinatutupad din ang “paperless legislative system” sa pamamagitan ng Legislative Management, Tracking, Codification and Information System sa Opisina ng Bise-Gobernador kung saan mas madali at mas mabilis ng matugunan ang mga transaksyon sa Opisina ng Sangguniang Panlalawigan.

Sa pamamahalang panlipunan, direktang nararamdaman ng ating mga kalalawigan ang manipestasyon at mga epekto ng ating mga serbisyo. Sa nakalipas na tatlong taon nagtrabaho po tayo para mas mapabuti ang ating health services, isinaayos ang ating warning systems at kahandaan sa panahon ng sakuna at kalamidad, nakapagtala tayo ng mahahalagang mga nagawa para sa kampanya sa kapayapaan at seguridad, at mas pinalawak natin ang ating pakikipag-ugnayan sa mga partners natin sa kaunlaran tulad ng mga funding agencies at mga development organizations.

Sa ating pakikipag-partner sa Department of Health at iba pang donor agencies, naiangat po natin ang kalidad ng ating mga pasilidad pangkalusugan at napaneguro ang equitable access to health care ng mga Cotabateño. Ang pagsasaayos ng ating health care system ay prayoridad na programa sa kalusugan.

Ang operasyon at pamamalakad ng ating mga ospital ay pinag-aralan at inayos. Bunga nito, nagkaroon ng pagtaas sa revenue

collections ng mga ospital. Katunayan, naabot po natin ang recovery rate na 153.72% ng ating MOOE. 80.24% nito ay bunsod ng pag-eeenrol natin ng mga indigent na kababayan sa Philhealth ng Masa Program.

Sa pagtanggap po ng mga pasyente, mahigpit nating ipinapatupad ang “No Refusal Policy”. Lahat po ng Cotabateño ngayon ay binibigyang-pansin anuman ang karamdaman maliban na lamang kung ang kaniyang sakit ay nangangailangan ng mga espeyalisasyon o mas makabagong mga instrument. Ipinapatupad na din natin ang “No Outside Prescription Policy” kung saan lahat ng mga prescription sa gamot ay manggagaling lamang sa ating mga ospital, nandiyan pa ang PhilHealth sa Masa, kung saan ipinapatupad din ang “No Excess Billing” policy. Pinagsisikapan po nating maging halos libre na o walang gasto ang pagpapagamot ng mga mahihirap nating kababayan. May mga naka-assign po tayong mga tao sa walong ospital ng probinsiya upang asistehan ang mga mahihirap nating kababayan at mapakinabangan nila ang mga benepisyong hatid ng nasabing programa. Sa loob ng tatlong taon, nakapagpaenrol po tayo ng mahigit 132,000 na mga benepisyaryo na may alokasyong halos P 55 milyong piso. Tumaas din ang bilang ng ating mga Out-patient dahil wala pong kabayaranang kinokolekta para sa mga check-up ng mga benepisyaryo ng programang 4 P’s.

Nakatanggap din ng tig-isang Tiller Power Machinery o hand tractor-“kuliglig” ang 26 Internally Displaced Persons Farmer’s Associations ng Aleosan, Midsayap, Pigcawayan at Pikit galing sa International Committee of the Red Cross (ICRC). May carabao dispersal din sa Pigcawayan at sa Midsayap na may kabuuang 342 heads. Nakapagsagawa rin sila ng upgrading ng water supply system sa North Cotabato District Jail sa halagang P2.169 milyon noong 2012 at water system project sa bayan ng Pikit sa halagang P20 milyon.

Mula 2010 hangang 2011, nakatanggap po tayo ng 55 proyekto mula sa Department of Health na nagkakahalaga ng P128 milyong piso. Nakatanggap din tayo ng 13 proyekto mula sa

European Commission (EC) Grant na may halagang higit P13 milyong piso.

Sa ilalim naman po ng Millennium Development Goals, mula sa 93% sa taong 2010, naiangat ang bilang ng nabakunahang mga bata sa 94% nung 2011. Bagama't bumaba ito sa 81% nung 2012 dahil sa kakulangan ng supply ng Hepa-B vaccine, naparangalan naman po tayo bilang "Most Outstanding Province in Region XII for Measles, Rubella, Supplemental Immunization Activity (MR. SIA)." Napakahalaga po ng pagpapabakuna sa ating mga anak upang maiwasan ang mga vaccine-preventable diseases.

Naniniwala tayo na malaki ang naiaambag ng malusog na komunidad sa pagkakaroon ng gobyernong may maayos na pamamalakad at upang tuluyan nang masugpo ang malnutrisyon sa ating lalawigan. Namahagi rin tayo ng 153 na mga timbangan sa 17 mga munisipyo sa pagpapatupad natin ng "Operation Timbang."

Tayo po ay nagpatayo ng paanakan sa mga Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAs) alinsunod sa mandato ng Department of Health na dapat sa mga health facilities manganganak ang mga kababaihan upang maiwasan ang pagkamatay bunsod ng panganganak. Karamihan po sa nakakabenepisyo ng mga paanakang ito ay ang mga kapatid nating lumad na nasa malalayong parte ng lalawigan. Inilunsad din ng ating tanggapan ang "Sagip Buhay; Dugo Para kay Nanay". Isa itong bloodletting project para palaging may nakahandang dugo, magkaroon man ng komplikasyon sa panganganak. Nakapagsagawa din tayo ng pre-natal check-ups, vitamin supplementation, and immunization to pregnant women, education at mga advocacy activities sa mga mag-asawa.

Inilunsad ng Provincial Health Office ang "Information Campaign kontra HIV/AIDS. Sa kasalukuyan, meron tayong 2 functional Social Hygiene Clinic; isa sa Midsayap at ang isa nama'y sa Kidapawan City. Layon nitong mamonitor, magamot, at maiwasan ang pagkalat ng mga sakit. Mayroon din po tayong Blood Bank na may kakayahang sumuri ng HIV-AIDS.

Sa patuloy po nating pagsisikap upang masugpo ang malaria, naitala ng Integrated Provincial Health Office (IPHO) ang napakalaking pagbaba ng mga kaso mula 131 cases nung 2010 hangang sa tatlo (3) na lamang na mga kaso nung 2012. Sinuportahan din natin ang DOH sa pagsasagawa nito ng pambansang adbokasiya, kampanya laban sa malaria sa pamamagitan ng “Biyaheng Kulambo”.

Noong 2012, may naitalang 3,154 kaso ng Tuberculosis o TB sa buong probinsiya. Katuong ang Global Fund, lahat ng mga nabanggit na kaso ay nilapatan ng karampatang lunas.

Napakahalaga ng buhay, hindi po ba’t sadyang napakasakit mawalan ng saysay ang isang buhay nang dahil lamang sa kagat ng aso? Isipin niyo na lang, mula 2010 hangang 2012, mayroong 7,854 naiulat na kagat ng aso, 30 dito ang namatay. Sa pagsisikap natin na masugpo ang rabies, ipinanukala ang “Operation Askal”. Sa mga isinagawang field operations, nakahuli ang ating mga operatiba ng 1,140 na mga asong-gala.

Isa po sa mga pinakaepektibong pamamaraan ay ang mga Medical at dental outreach programs upang direktang maihatid ang serbisyo sa mga malalayong komunidad. Katunayan, sa loob ng tatlong taon, nakapagsagawa tayo ng 315 medical at surgical services para sa kabuuang 73,846 na mga pasyente. Nakapagsagawa din tayo ng 243 dental services para sa kabuuang 16,828 na mga pasyente.

Katibayan po ng ating pagsisikap kasama na ang kooperasyon at partisipasyon ng mga Barangay ay ang pagkamit natin ng Award on Best Sanitation Practices na iginawad ng Department of Health. Pinagmamalaki ko pong kinikilala ang Barangay Dolores ng Antipas na idineklara bilang Barangay na may “Pinakamagandang Pamamaraan sa Pagmimintina ng Kalinisan” sa buong Pilipinas.

Sa usaping Cotabato Health Insurance Program, hindi na lingid sa kaalaman ng marami na mas malaki ang gastusin kesa sa mga koleksiyon nito mula 2008 hangang 2010. Dinatnan po nating palugi na ang CHIP, katunayan pagpasok natin, meron itong mahigit P21 milyon pisong halaga ng pagkakautang mula

2007 hangang 2010. Mahigit P1.8 milyong piso ang pondong hawak nito nang mapasailalim sa ating pangangasiwa, na ginamit naman po pambayad sa benepisyong mga miyembro. Ginawa natin ang lahat ng ating makakaya maisalba at maipagpatuloy ang mga adhikain ng CHIP. Nilimitahan natin na ang admission ng mga benepisyaryo ay doon lamang sa walong ospital na pag-aari ng probinsiya. Bumuti po ang takbo ng CHIP, dumarami na naman ang mga nagpapamiyembro dito. Sa pagkakautang ng CHIP, halos P17 milyong piso na po ang ating nababayaran as of December 31, 2012. Patuloy po nating binabayaran ang natitirang halos (P4.5) apat at kalahating milyong piso.

Naniniwala po akong ang “Edukasyon ay haligi ng isang matatag na bayan”. Marami po tayong programang inilinya para pataasin ang antas ng kalidad ng edukasyon. Maraming scholarships na po tayong iginawad.

Mula 2010 hangang 2012, may alokasyon sa Special Education Fund na halos P119.5 milyon. Ito ay ginagamit natin sa pagpapagawa ng karagdagang silid-aralan, pagbili ng karagdagang mga kagamitan sa pagtuturo, Peace Camp, Sinulog, Aliwan, kumpetisyong pang regional o national level sa sports, academic, kultural at pag-eempleyo ng mga Magtutudlo sa Barangay (MSB) kung saan mula 2010, nakapagpapasok na tayo ng 330 volunteer teachers para matugunan ang mga pangangailangan sa guro sa mga pampublikong paaralan.

Sa pamamagitan ng Provincial Ordinance No. 508, series of 2010, ang Provincial Scholarship Program ay pumipili ng isang kwalipikadong iskolar sa bawat isang Barangay. Wala na pong “pay later” na mangyayari sa mga gastusing iginugol ng gobyerno sa kanilang pag-aaral, bagkus, sa bawat pagtatapos ng school year, magbibigay po sila ng 30 araw na summer service dito sa provincial government, o di kaya’y sa Munisipyo o Barangay LGU kung saan sila nakatira. Buong pagmamalaki ko pong sasabihin sa inyo na mula 2010, nakapagpaaral po tayo 3,364 kwalipikadong iskolar na tumatanggap ng P6,000.00 kada semester.

Alinsunod sa Provincial Ordinance No. 487, sinimulan po natin ang Graduate Degree Scholarship Program na naglalayong madagdagan ang magagaling nating mga guro. Sa ilalim ng programa, 70% tuition grant ang matatamasa ng bawat gurong iskolar na magkamit ng master's degree sa English, Math and Science.

Upang matugunan ang mga problema sa mga school sites, naglaan din tayo ng halos dalawang (2) milyong piso para sa pagpapatitulo ng mga paaralan kung saan tatlo dito ang naproseso na.

Sa usaping Special Program for Employment of Students (SPES) o pag-eempleyo ng mga estudyante sa panahon ng bakasyon upang makatulong sa kanilang pag-aaral at maiangat ang kanilang intelektwal na kapasidad.

Para masiguro ang ating kahandaan, inorganisa at inestablisa ang DRRM Council kasama ang iba pang local special bodies, itinatag natin ang North Cotabato Emergency Response Team (NCERT). Para sa agarang aksyon sa panahon ng pangangailangan at kalamidad. Nagsagawa din tayo ng Basic Life Support (BLS) at iba pang mga pagsasanay sa ating emergency responders mula provincial hanggang Barangay level upang maiangat ang kapasidad ng ating mga emergency rescue teams. Naglaan tayo ng P 16 milyon para mabili ang mga makabagong kagamitan at upang masiguro ang episyente at epektibong pagresponde sa panahon ng kalamidad.

Ang atin pong Provincial Disaster Team ay nakatulong sa rescue operations sa Pulangi River incident sa Barangay Tamped, Kabacan, Cotabato kung saan tatlong mga bangkay ang narekober. Nakapagligtas din tayo ng anim (6) na mga bata't matatanda sa Fort Pikit nung panahon ng Bagyong Crising. Nakaresponde din ang ating emergency team sa tawag ng Tulunan LGU nung nagka-flash flood sa kanila nung November 2012, nakapagpadala rin po tayo ng relief goods sa Cagayan de Oro nung nanalasa ang bagyong "Sendong" (2011) at bagyong "Pablo" sa Compostela Valley at Davao Oriental (2012). Sa mga magsasakang naapektuhan ng mga pagbaha, nakapagpamigay

din tayo ng 8,654 sako ng binhi ng palay mula 2010 hangang 2013, at 2,082 sako ng OPV white corn seeds nung 2012.

Ang atin pong administrasyon ay laging sa problema na hatid ng mga kalamidad. Kasama ang mga apektadong LGU pati na ang ating mga humanitarian partners, nakapagpamahagi po tayo ng mga pagkain at iba pang mga pangangailangan sa mga biktima ng kalamidad. Umaabot na sa 56,081 pamilya na ang ating nabigyan ng tulong.

Malaking bagay po ang nagagawa ng pagiging laging handa ng lahat. Pinagawa natin ang Automatic Weather Station sa Capitol Ground sa pakikipag-ugnayan natin sa DOST-PAG-ASA. Naglagay din tayo ng mga CCTV camera sa iba't-ibang opisina sa kapitolyo upang mamonitor ang anumang mga pangyayari at maiwasan ang mga sakunang gawa ng tao.

Ikinagagalak ko pong ipaalam sa inyo na dahil sa ating mga DRRM na inisyatiba tayo ay itinanghal bilang Regional Gawad Kalasag Awardee ng Office of the Civil Defense XII noong 2012. Ilan sa ating mga militar at mga sibilyan ay binigyan din ng pamahalaang panlalawigan ng pagkilala at cash incentives dahil sa kanilang kontribusyon sa pagkakalutas ng mga mabibigat na krimen.

Seryoso po tayo sa ating kampanya laban sa paglipana ng ipinagbabawal na gamot sa lalawigan. Naniniwala tayong sa pagsugpo ng ilegal na droga, nakakapagligtas tayo ng buhay, at naisasalba natin ang katinuan ng ating mga kababayan lalo na ang mga kabataan. Nagsagawa po tayo ng mga seminars, media info-drive, at random na drug testing sa mga empleyado, PNP, iba pang mga alagad ng batas, at mga estudyante at patuloy tayong nagbibigay ng Operational Support sa mga operatiba.

Sa usaping pang-kapayapaan, patuloy pa rin ang mga hakbangin at pagsisikap upang tuluyan nang maayos ang sitwasyon sa Sitio Lacobe. Dahil sa pinapakitang kooperasyon ng magkabilang panig, inaasahan nating aabot na sa isang patas at makatarungang kasunduan ang bawat panig. Nakatulong din tayo sa pagreresolba ng ilang di-pagkakasunduan sa Aleosan;

Pikit at sa Roxas kung saan kinilala ng mga tao ang ating mga adbokasiya at mga programang pangkaunlaran.

Inilunsad din natin ang Kadsambi bilang isa sa mga programa para sa mga kapatid nating Moro. Adhikain po ng programang itaas ang antas ng pamumuhay ng mga residente ng Barangay Patadon. Naipaayos po natin ang kalsada, at natulungan din natin silang mabuo ang kanilang Barangay Development Plan. Kabilang sa adbokasiya natin na makamit ang pang-matagalang kapayapaan sa Mindanao, patuloy po ang pagsasagawa natin ng mga symposia, at mga konsultasyon hinggil sa Framework Agreement for Bangsamoro Development.

Para maihatid ng mabilis ang hustisya para sa mga mahihirap, isinagawa po natin ang Enhanced Justice on Wheels (EJOW) o Mobile Court Hearings sa pamamagitan ng ating Provincial Legal Office at kaugnay na mga ahensiya. Bunga po ng aktibidad na ito, sa loob ng isang araw, may 175 na kaso po ang nadinig. 86 na kaso dito ang nadismis, 89 na bilanggo ang napawalang sala, at 86 na desisyon ang naipataw. Lumuwag po ng kaunti ang ating mga selda, nabawasan din ang nakabinbing mga kaso sa mga korte.

Hinggil sa informal settlers sa capitol compound, bumili po tayo ng 2 hektaryang relokasyon sa West Patadon, Matalam, na nagkakahalaga ng isang (P1M) milyon upang maipamahagi sa 98 na benepisyaryo. Bawat isa sa kanila ay makatatanggap po ng tig-120 square meters. Kasali na sa site development ng relokasyon ay ang pagpapagawa ng kalsada, kuryente, bakod, at patubig. Sa kasalukuyan bagama't may MOA nang napirmahan, ay patuloy pa rin ang pakikipag-usap at konsultasyon sa pagitan ng pamahalaan at ng mga benepisyaryo upang matugunan at madinig pa ang mga pangangailangan at problemang dinudulog sa atin.

Inilunsad natin ang Land Transport Terminal Security System (LTTSS) sa ilalim ng Executive Order No. 18. (Issued on July 26, 2012) bilang bahagi ng ating kampanya laban sa mga isyung nakakabahala sa sector ng transportasyon. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagiging laging handa, pakikipagtulungan

ng mga sibilyan, pati na ang multi-stakeholders partnership upang maiwasan ang mga panganib na kinakaharap ng mga motorista at mga pasahero sa tuwing bumibiyahe sila.

Sa usaping pang-kapayapaan pa rin, gumagamit po tayo ng strategies. Isa na rito ang Cotabato Children And Youth Peace Camp program, isang multi-agency program na inuuna ang kapakanan ng mga kabataan. Isa sa pinakamahalagang aktibidad nito ay ang pagsasagawa ng tatlong (3) araw na Summer Kids Peace Camp na nasimulan natin nung 2011 na may kabuuang budget na mahigit P18 milyong piso. Ito po ay dinisenyo para sa mga grade 5 pupils kung saan nililinang ang kanilang pakikisama at leadership skills, matutunan at maintindihan ang kultura at paniniwala ng bawat isa. Mula 2011, umabot na sa 40,700 na mga kabataan ang nakakabenepisyo sa programa. Ang iba pang program components ng peace camp ay ang “High School Leadership Peace Camp” kung saan naglaan tayo ng isang (P1M) milyong piso at “College Leadership Peace Camp” na may pareho ring budget.

Upang maipamalas ang galing ng ating mga kabataan, meron tayong delegasyon sa Sinulog Festival sa Cebu at sa Aliwan Festival sa Manila.

Para matutukan at mas mapabuti pa ang mga programang pampalakasan, itinatag po natin ang Provincial Sports Development Technical Working Group (PSDTWG) noong April 2012. Isinagawa din natin ang pinakaunang Provincial Sports Summit noong June 2012. At sa patuloy na pagkakaroon ng mga palarong panlalawigan upang mas malinang pa ang kakayahan ng ating mga atleta.

Ipinagmamalaki ko ring sabihin sa inyo na mayroon po tayong finalist sa larong tennis ng Batang Pinoy Mindanao Leg. Si Aleah Elaine Ragonton, isang 7th grader mula Alamada. Nagkamit din tayo ng limang (5) medalya sa Batang Pinoy-National leg. Kamakailan lamang, sa ikalawang pagkakataon mula 1992, matagumpay po nating napasimunuan ang pinakamalaking Athletic Meet sa Rehiyon, ang 11th Cotabato Regional Athletic Association (CRAA) Meet.

Nakapag-sponsor tayo ng Inter-LGU sports Olympics na ginaganap tuwing foundation anniversary ng lalawigan. Nag-sponsor din tayo ng Inter-collegiate sports competition kung saan pineprepara natin ang mga estudyante natin para sa mas matataas pa na mga liga.

Kinilala din natin ang kontribusyon ng mga opisyaes ng Barangay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sarili nilang Sports Tournament.

Usaping kababaihan at kabataan naman po tayo. Mula 2010 hangang 2012 ay 65 na ibat-ibang mga kaso po ang napagsilbihan ng Gender and Development Crisis Intervention Center. Ang center na ito ay itinatag po para matulungang makalimot, at maghilom ang sugat-emosyonal at saykolohikal na trauma ng mga biktima. Upang mas mapabuti pa ang mga serbisyong sayko-sosyal, may itinakda po tayong tatlong (P3M) Milyon para sa pagpapagawa ng bagong gusali ngayong 2013. Isa pa sa mga mekanismo upang labanan ang trafficking ng mga kababaihan at mga kabataan ay ang pagtatag natin ng hotline na “Laban Kontra Human Trafficking”. Kasama ang DSWD at PNP, nakapagsagawa po tayo ng 10 rescue operations mula 2010 hangang 2012 kung saan 15 dito ay mga bata/minors at 19 naman ay mga kababaihan.

Sa Early Childhood Care and Development (ECCD), kasama natin sa pag-iimplementa ang United Nation Children’s Fund (UNICEF), Australian Government Aid (AusAid), at Johnson & Johnson Philippines. Ang Day Care Service Parent Group at Local Early Childhood Care and Development Coordinating Council ay kasama sa pagpapatupad ng mga programang may kaugnayan sa Day Care services. Sa kasalukuyan, umaabot na sa P3.75 milyong piso ang nailaan sa programa.

Kaugnay ng ating mga Population Management Programs, nagagalak po akong sabihin sa inyo na tinanghal ang Cotabato Province bilang Regional Awardee sa pagiging Best Implementer of Family Development Sessions sa mga 4Ps Beneficiaries noong 2012.

Patuloy nating pinaigting ang ating kampanya para sa gender-fair society. Nakapagsagawa tayo ng malawakang oryentasyon sa Adolescents Program at nakapagpatupad ng Family Planning Seminars para sa mga mag-asawa. Mula 2010 hanggang 2012 ang EC, kasama na ang DOH, ay nakapagpamahagi ng halos 66 milyong piso na ginamit para sa mga supplies, gamot, mga pagsasanay, sasakyan at iba pa.

Inaasahan naman nating sa taong ito maipapatayo ang opisina ng PCSO sa loob ng capitol compound na tutugon sa mga pangangailangang medikal ng mga kuwalipikado at mahihrap na mamamayan.

Isa din sa ating mga programa para sa nangangailangan nating mga kalalawigan ay ang Food-for-Work. Nakapagpamahagi po tayo ng pagkain habang nakakatulong naman sila sa paggawa ng mga proyektong pang-komunidad. Mula 2010 hanggang sa kasalukuyan (2013), umabot na sa mahigit P183 Milyong pisong halaga ang iginugol para sa programang ito sa 18 LGU's na nakatulong sa kabuuang 33,619 na mga indibidwal.

Nakapagpamigay din tayo ng mga 194 wheelchairs at 10 crutches sa mga kababayan nating may mga kapansanan. Dahil dito, hindi lamang natin sila natulungang maging mas kumbinyente sa pagkilos kundi naibalik din ang kanilang pagpapahalaga sa sarili at mas magagamit nila ng husto ang kani-kanilang mga potensyal.

Sa usaping pang-ekonomiya po, sa larangan ng Agricultural Development mula 2010 hanggang 2012, nakapagpamahagi po tayo ng 228,165 semilya ng goma sa 628 magsasaka at nakapagsanay din tayo ng 2,450 na mga magsasaka ng goma. Sa mas pinaganda pong sistema ng ating High Value Crops Development Program, tumaas ang area ng plantasyon sa 39,147 hektarya at produksiyon ng 12% (66,541mt), at sa pagkakaroon ng dagdag na trabaho sa mga komunidad.

Naglaan naman ng P8 milyong piso ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) para sa pagpapatayo ng anim (6) na ektarya na National Rubber Budwood Nursery sa ilalim ng pamamahala ng Provincial

Environment and Natural Resources (PENRO). Kabilang ito sa programang ipanapatupad sa ilalim ng National Greening Program at para mapasiguro ang dekalidad na rubber planting materials ng ating mga magsasaka.

Dumarami na rin ang nagkakainteres magtanim ng oil palm sa lalawigan. Patuloy rin ang pagsisikap nating maiugnay ang mga probinsiya sa mga malalaking mangangalakal ng oil palm. Mula 2010 hangang 2012 nakapagpamahagi po tayo ng oil palm seedlings sa 413 magsasaka. Sa kasalukuyan, umaabot na sa 8,629.33 hektarya ang nataniman ng oil palm. Dahil dito, nagkainteres na rin ang mga lokal na investors sa probinsiya na magtayo ng nursery sa Makilala at processing plant sa Carmen.

Sa suporta naman po natin sa coconut industry, nakapagpamigay po tayo ng 61,900 binhi ng niyog sa 500 na mga magsasaka. Nakapagsanay din po tayo ng 764 magsasaka ng niyog. Sa palay, may sobrang produksiyon pa rin po tayo na 138,569 metriko tonelada sa taong 2012, indikasyon na supisyente pa rin ang supply sa bigas.

Alinsunod sa ating Animal Dispersal Program nakapagpamigay po tayo ng 1,097 baka at kalabaw sa mga magsasaka; 762 kambing para sa 223 benepisyaryo. Umaabot na sa halagang halos P34 milyong piso ang naipamigay nating hayop sa mga magsasaka kasama na ang mga itik at biik.

Lumaki din po ang produksyon natin sa freshwater fish dahil sa pagpapalago natin sa mga potential areas para sa aquaculture kung saan umabot ito sa 230 ektarya sa buong lalawigan. Mula 2010 hanggang 2012, namahagi po tayo ng 2,134 na gill nets, 110 na non-motorized na mga bangka at 14 na smoke houses para sa pagproseso ng mga isda na nagkakahalagang P4.069 (P2.069 milyon in 2011; P2 milyon in 2012). Marami din po sa ating mga mangingingisda ang nakatanggap ng tilapia, hito at pangasius fingerlings sa tulong at suporta ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources.

Nakapagpatayo po tayo ng 21 Barangay Food Terminals o Bagsakan sa mga bayan na may kabuuang halagang P2.520 Milyon. Nabigyan din natin sila ng technical assistance sa

pamamagitan ng pagsasagawa ng Market Forum kung saan dito nadidinig ang problema ng mga magsasaka at mangangalakal at napag-uusapan ang solusyon sa mga ito. Nakapagpromote tayo ng 32 na lokal na mga produkto at naiugnay natin ang bentahan nito sa mga mamimili mula Gensan, Koronadal, Tagum at maging sa Quezon City at Las Pinas.

Naglaan din tayo ng P17 Million para sa mga magsasaka ng palay sa ilalim ng Provincial Fertilizer Assistance Program kung saan umabot sa 115 na mga irrigators association ang nakabenipisyo nito.

Sa usaping kooperatiba, ang Provincial Cooperative Development Office (PCDO) ay nagsagawa ng mga pagsasanay at nakapag-organisa ng 85 bagong mga kooperatiba. Nakakatulong din ang mga kooperatiba sa pagpapalaganap ng trabaho, merong 338 na kooperatiba sa buong lalawigan, na may 2,100 na mga empleyado. Umaabot sa halagang mahigit sa 1.6 bilyong piso ang umikot na pera sa lalawigan nung 2012 dahil sa kalakalan ng mga kooperatiba. Bunsod nito, pumangalawa tayo sa Rehiyon bilang probinsiyang may aktibong operasyon ng kooperatiba base sa talaan ng Cooperative Development Authority.

Ang Credit Surety Fund ay nakapag-release ng P16.532 milyon pisong halaga ng pautang sa mga Micro-small and medium enterprise mapa-organisasyon man o mapa-indibidwal na myembro ng kooperatiba na nagpaplanong magnegosyo na kulang sa pang-umpisang kapital.

Ang Job for Economic Enhancement Program (JEEP) ay may pondo para placement fees na P1.6 milyong piso mula taong 2010 hanggang 2012 para sa gustong mag-abroad

Malaking bagay din ang kontribusyon ng mga micro-small and medium enterprises sa ating ekonomiya. Bilang suporta tinulungan din natin sila na maiugnay sa mga interesadong investors. Ilan sa kanila ay ang Magungaya Center for PALMA na nagpo-produce ng Fresh and processed Pangasius Fish, nandiyan din ang Don Bosco Multi-Purpose Cooperative na Certified exporter na ng organic rice. Umaabot na sa limang

tonelada ang nae-export nila sa Germany, at nagbebenta na rin po sila sa Macau, China. Natulungan din natin ang tree life na ngayon ay exporter na ng coco sugar para sa kanilang Food and Drug Administration (FDA). Di rin po natin maaring kalimutang banggitin si Mr. Cipriano Diego, imbentor at may-ari ng CL Manufacturing na gumagawa ng betel oil. Isa po siya sa sampung (10) mga finalists ng 2nd Filipinnovation Award (National Level) for Technology Based Start Up Companies.

May mga bagong negosyo rin na pumasok sa loob ng ating administrasyon. Nariyan ang 3,190 hektaryang expansion ng SUMIFRU sa Banisilan kung saan 190 ektarya na nito ang may tanim nang pinya; 1,385 hektarya ng plantasyon ng oil palm sa Carmen sa ilalim ng pamamahala ng Univanich Carmen Palm Oil Corporation; 5,123 hektarya ng gomahan sa Makilala, at 130 hektarya ng Cavendish Banana sa Tulunan ng Del Monte Philippines Inc. Naririyon pa ang nakikita nating kasalukuyang ginagawa ngayon na Gaisano Mall sa Kidapawan City na may tinatayang aabot sa isang daang milyong pisong halaga (P100 Million) ng puhunan. Lahat ng mga negosyong ito ay inaasahan nating makapagbibigay ng dagdag na trabaho at pangkabuhayan sa ating mga kababayan. Madadagdagan din ang koleksiyon ng buwis.

Sa bisa ng Resolution No. 498 nung 2011, Kalivungan na po ang tawag sa piyesta ng lalawigan. Isa po itong Menuvu na salita na ang ibig sabihin ay “Pagtitipon o “Kasiyahan”.

Nailunsad din natin ang pinakaunang Cotabato Provincial Tourism Summit nung nagdaang December 14, 2010. Layon nito ang pag-uugnay ng gobyerno at pribadong sector sa isang stakeholders partnership. Binuo ito upang mas mapaigting pa ang promosyon ng industriyang panturismo. Bahagi na rin ito ng paghahanda natin sa ika-isan daang taon ng probinsiya ngayong 2014.

Lumahok ang ating lalawigan sa 23rd Philippine Travel Mart nung 2010 sa SMX Convention Center sa Mall of Asia Pasay City at sa Cebu International Travel Expo 2012. Nakadalo din tayo sa

kauna-unahang BIMP-EAGA Cultural, Tourism and Trade Exhibits 2012 sa General Santos City.

Kaugnay pa rin ng turismo, mayroon pong bagong diskubreng Asik-asik Waterfalls sa Alamada. Naglaan po ang probinsya ng P3.5 million. Naglaan din ng sampung (P10) Milyong Piso ang Department of Tourism sa taong ito (2013) para sa pagsasaayos ng over-flow bridge patungong Asik-Asik. Opisyal itong binuksan sa mga turista noong September 20, 2012. Sa ngayon kumikita ito ng tinatayang P80,000 kada buwan, mula sa 150 average na bisita araw-araw.

Isa pa sa mga ginagawa natin ngayon ay ang zipline sa New Israel, Makilala. Ang proyekto pong ito ay pinondohan ng Department of Energy sa pamamagitan ng Energy Development Corporation. Ito po ay nagkakahalaga ng P5.8 milyon. Nagbigay din ng karagdagang pondong P15 milyon ang Department of Tourism para sa road development ng nabanggit na tourism site.

Noong April 14, 2012, inaprubahan po ng National Historical Commission sa ilalim ng Resolution No. 7 ang pagdedeklara sa Fort Pikit bilang isa sa mga makasaysayang land marks sa Pilipinas. Nagtalaga tayo ng P3 milyon para dito. Pinondohan din natin ng tig-1 milyon ang Pisan Cave sa Kabacan, Tawsuvan Falls, sa Bongolanon Magpet, rehabilitasyon ng Samveren Road at water falls sa Sinapangan, Libungan at Alamada Tourism Center. Naglaan din tayo ng P5 milyon para sa pagpapasemento ng kalsada patungong Liliongan Cave sa Carmen.

Ang pag-iinvest sa imprastruktura ay sadyang napakahalaga sa pag-unlad ng ekonomiya, at pagpapataas sa antas ng pamumuhay sa isang lalawigan. Mula 2010 hanggang sa kasalukuyan, umaabot na sa P1.136 bilyong piso ang pondong nailaan sa imprastruktura.

Gumasto po ang gobyerno ng kabuuang halos P301 milyon para sa pagpapasemento ng 74 road sections na may kabuuang haba na 34 kms. 28 road sections pa po ang ginagawa sa 2013. Patuloy din po ang pag-papa-aspalto natin ng mga kalsada. Katunayan, nakapag-aspalto tayo ng anim (6) na kilometro sa mga Munisipyo ng Pigcawayan, Midsayap, Aleosan, Pikit at

Kabacan. Mula 2010 hangang sa 2013, patuloy po nating minimintina at pinapaayos ang ating mga provincial roads. Nakatoka na ring gawin ang Malapag-Tinimbacan Road na magkokonekta sa Carmen at Banisilan na may P98 milyong pisong nakalaang pondo at karagdagang limang (P5M) milyong piso naman mula sa Department of Agriculture.

Sa loob lamang ng tatlong taon, nakapagpatayo po tayo ng 128 na Multi- Purpose Buildings at Covered Courts sa iba't-ibang Barangay. Masaya na po ang ating mga kabarangay, may magagamit na sila para sa iba't-ibang okasyon na may kabuuang halagang P71.282 Million.

Nakapagpa-ilaw po tayo ng 15 Barangay sa halagang P14 milyong piso. Nakapag-impleta din po tayo ng kabuuang halagang P21 milyong piso para sa malinis at ligtas na patubig sa mga Barangay. Sa kasalukuyan, may 12 proyektong patubig pa po na ginagawa. Maliwanag na ang mga Barangay, ligtas pa sa water-borne diseases ang ating mga kababayan.

Nakapaglaan po tayo ng P9.6 milyong piso para sa konstruksyon ng 24 solar driers.

Nakapagpatayo po tayo ng 23 school buildings na may kabuuang halaga ng P26.3 milyong piso. 12 dito ay kumpleto na, habang ang natitirang 11 ay malapit na ring matapos. Patuloy pa nating tutugunan ang kakulangan sa mga silid-aralan sa darating pang mga taon.

Sa pamamahalang pangkalikasan nakapagsagawa tayo ng Farmers Field School Program kung saan umabot na sa halos 2,800 na mga magsasaka ang nagkaroon ng kaalaman kung papano ma-control kung di man tuluyang mapuksa ang mga peste sa mga pananim.

Namahagi din tayo ng iba't ibang klase ng binhi ng mga bungang-kahoy, nakapagpatayo rin ng anim (6) na agro-forest nurseries, limang (5) demo farms, abaca provincial nursery at tatlo (3) pang nurseries sa iba't-ibang munisipyo. Namigay din tayo ng root crop planting materials at nakapagpagawa ng pitong (7) techno-demo at isang root crops nursery.

Upang masigurong maproteksyunan ang mga kritikal na riverbanks sa ating lalawigan, naglaan tayo ng P5 milyong piso para sa pagbili ng 200,000 bamboo propagules kung saan mayroon pong walumpo't isang (81) barangay na napabilang sa mayroong kritikal na riverbanks at nabahagian ng tulong na ito.

Nagsagawa din po tayo ng oryentasyon sa Solid Waste Management Act of 2000 sa iba't-ibang munisipyo, paaralan at barangay. Sa loob po ng compound na ito matatagpuan po ang Materials Recovery Facilities (MRF) na nagsisilbing temporary storage facility natin.

Patuloy din po ang pagbibigay natin ng mga tulong-pang-agrikultura gaya ng backyard livestock raising at vegetable gardening sa mga miyembro ng 4-H Club. Ikinagagalak kong banggitin na ang probinsiya ng Cotabato ay consistent winner/achiever sa regional at national na mga contest sa larangang ito. Tayo din ang may pinakamalaking kontribusyon sa Rehiyon Dose na tinanghal namang Hall of Famer.

Kabilang din po sa ating binibigyang pansin ay ang samahang Rural Improvement Club (RIC) kung saan ang ating probinsiya po ay nakapag-produce ng isang national winner bilang Outstanding Rural Woman.

Upang ating masigurong masolusyunan at matugunan ang mga suliranin at tunay na saloobin ng ating mga mamamayan, bumababa po tayo sa mga Barangay. Hindi po ba't sayang lamang ang perang gagastahin kung di rin naman magagamit ng taumbayan?

Patuloy ang ating suporta sa mga Munisipyong nag-organisa ng alyansa tulad ng Arakan Valley Complex at PALMA+P. Tayo ay naglalaan ng pondo taon-taon sa halagang dalawang (P2M) milyong piso para sa mga proyekto nito.

Itinatag din natin ang Provincial Project Monitoring Committee na siyang inatasang magsagawa ng ebalwasyon at nang masigurong naipapatupad ng mabuti ang mga proyekto ng pamahalaang panlalawigan. Ang Provincial Price Coordinating Council naman ay patuloy na nagsasagawa ng iba't ibang

aktibidad tulad ng regular na monitoring sa mga presyo at inspeksyon sa mga timbangan.

Inilunsad din natin ang Provincial Library Computerized System kung saan ang ating probinsiya ang may kauna-unahang provincial library sa buong bansa na nagpapatupad ng Library Automation Program.

Para sa bukas at episyenteng procurement procedure, ang Provincial Bids and Awards Committee ay nagpapatupad ng Full Disclosure of Government Transactions Act sa pamamagitan ng pagpapaskel ng ating mga Invitations to Bid sa Philippine Government Electronic Procurement System at sa atin pong web site. Ang lahat ng programa ng pamahalaang panlalawigan ay naipapa-alam sa ating mga kababayan sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong teknolohiya at media. Mayroon tayong Serbisyong Totoo Journal, programa sa radio at official web site kung saan makikita ninyo dito ang lahat ng mga aktibidad ng lalawigan.

Hindi rin nahuhuli ang ating probinsiya sa iba't-ibang aspeto. Kaya't kung dangal rin lang ang pag-uusapan, taas noo ko pong nirerepresenta ang ating lalawigan. Ipinagmamalaki ko pong ako ay Cotabateña.

Isa sa mga karangalang aking ipinagmamalaki ay ang mapabilang tayo sa mga ahensya ng gobyerno na pinarangalan ng Department of the Interior and Local Government bilang ahensyang nagkamit ng Seal of Good Housekeeping sa loob ng dalawang taon. Nakatanggap ang probinsiya ng halagang P25 milyong piso nung 2011 na siya naman nating ginamit sa pagsasaayos ng kalsadang Napanlahan-Dallag sa Arakan. Nakatanggap din ang lalawigan ng pitong (P7M) milyong piso para sa taong 2012, karagdagang pondo sa livestock dispersal.

Sa taong 2011 din tayo pinarangalan ng DILG bilang First Regional Winner ng Gawad Pamana ng Lahi para sa natatanging lokal na ahensya na nagpakita ng di matatawarang performance sa apat na aspeto ng pamamahala kung saan nagkamit tayo ng tatlong (P3M) milyon pisong gantimpala. Ang halagang ito ay

idinagdag natin sa pagpapagawa ng Multi-purpose covered court dito sa kapitolyo.

Dagdag pa dito, kinilala din tayo bilang Best Performing Province sa buong Rehiyon Dose dahil sa maayos na pagpapatupad ng mga programang may kinalaman sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) tulad ng pagsasagawa ng Family Development Session kung saan umaabot na sa 70% sa mga benepisyaryo ng 4Ps ang sumailalim sa session na ito. Mula nang simulan ang programang 4P's, nakapamahagi na ng kabuuang halaga na P892 milyong piso sa 67,618 na mga pamilya. Layon ng programa na matulungan ang mahihirap na pamilya na mapag-aral ang kanilang mga anak, at mapanatili ang kanilang kalusugan.

Maliban dito, ilan din sa ating mga kababayan ang nagkamit ng pagkilala sa ilalim ng Gawad Saka Award. Kabilang dito sina Ginoong Jaime Sillador bilang Outstanding Sugarcane Cane Farmer, Ginoong Gregorio Saljay III bilang Outstanding High Value Commercial Crop Farmer, Ginoong Vicente Doletin bilang Outstanding Small Animal Raiser at si Ginang Tiny Rosareal Tamayo bilang Outstanding Rural Woman. Tatlo naman sa ating mga munisipyo ang nagkamit ng karangalan bilang nangunguna sa produksyon ng palay kabilang ang bayan ng Midsayap, Tulunan at Kabacan. Kaugnay pa rin ng Gawad Saka Award, itinanghal po tayong Number 1 Rice Producer sa buong rehiyon dose, at pang-lima naman ang rehiyon sa buong bansa.

Kamakailan lamang, tinanghal po ng B.I.R.-Revenue District Office-18 ang Provincial Government of Cotabato bilang Top Local Government Unit para sa taong 2012.

Pinarangalan din ang PCL-Cotabato Chapter bilang Outstanding Councilor of the Philippines (TOCP) 2012 sa katauhan ni Hon. Ivy Dalumpines-Ballitoc.

Mga mahal kong Cotabateño, ang lahat ng parangal na nabanggit ay ilan lamang sa mga patunay na tayo ay nasa tamang landas. Kasama naming kayo sa adhikaing mailagay pa sa mas maayos ang ating lalawigan.

Bagamat marami-rami na rin ang ating nagawa sa loob ng tatlong taong pamamahala, kahit na malayu-layo na rin ang ating narating mula ng magsimulang umusad ang Serbisyong Totoo, hindi tayo hihinto hangga't hindi natin naabot ang pinakamataas na antas na posible nating makamit. Katunayan, kahit pa papatapos na ang una nating termino, may nakalaan na tayong mga plano para sa lalawigan.

Sa inyong patuloy na suporta at tiwala, sa susunod na taon sama-sama po nating ipagdiriwang ang ika-isandaang taong pagkakatatag ng lalawigan ng Cotabato. Pinaghahandaan po natin ang isang pinakamalaking proyekto – ang pagpapatayo ng Centennial Building kabilang ang Museum, Provincial Library and Information Center, Tourism Welcome Center at Investment Promotion Show Room. Ang mga proyektong ito ay siguradong magbibigay daan sa ating lalawigan upang kilalanin bilang isa sa may pinakaaya-ayang pasilidad na kapitolyo.

Kampante ako na nakuntento kayo sa ating nasimulan. Kampante ako na naihatid sa bawat barangay ang kinakailangang serbisyo ng mga Cotabateño, at kampante akong kumbinsido tayong lahat na maipagpatuloy ang kaunlaran at kasaganaang natatamasa ng ating lalawigan sa kasalukuyan.

Sa loob ng tatlong taong panunungkulan, dahil ako po'y nagsunog ng kilay, sinagot ang mga pagsusulit ng buong katapatan, at seryosong ginawa at isinumite sa inyo ang aking mga takdang-aralin at gawaing-bahay, kampante po akong pasado sa mga puso't isipan ninyo. Ganun pa man, patuloy ako sa pagtuon, pagdawat og pagpaminaw sa mga suggestion og kritisismo.

**Mga kalalawigan hayaan ninyong banggitin kong muli sinabi ko nung nagsimula akong manungkulan: Buligi kami nga mabuligan kamo na mapadayon na mahatag ang “SERBISYONG TOTOO”!
(end)**